JULY 2023 ISSUE

IMUS, MAHAL KONG BAYAN

# BANAAG

Official Newsletter Publication of the City Government of Imus

## NUTRITION MONTH 2023: NUTRISYONG ABOT-KAYA PARA SA LAHAT




IMUS, Cavite — Bilang pakikiisa sa Buwan ng Nutrisyon 2023, nagsagawa ang Pamahalaang Lungsod ng Imus ng iba't ibang programa at aktibidad na may kaugnayan sa nutrisyon at kalusugan mula Hulyo 18–28, 2023 sa pagtutulungan ng City Health Office, Local Council for the Protection of Children, at City Agricultural Services Office (CASO).

Sa temang "Healthy diet gawing affordable for all!", nakasentro ang ika-49 na pagdiriwang sa pagbibigay ng abot-kayang masustansyang pagkain sa mga Pilipino.


### NUTRITION MONTH
| Page 2
*Nutri Fair at Zumba Maranthon
*"Gulay sa Paso" Urban Gardening Workshop
*Nutrition Forum

### INFRASTRUCTURE
| Page 3 & 6
*AAngat Livelihood Training Center at Bahay Bulilit
* Barangay Multipurpose Halls
* Imus Public Market Inspection

### RESILIENCE MONTH
| Page 4
* First Human-Induced Disaster Exercise

### DISASTER PREPAREDNESS
| Page 5
* 17 Rescue Boats, ipinamahagi ng Pamahalaang Lungsod ng Imus

### EDUCATION
| Page 7
* 2nd Batch ng Career Forward ng Task Us
* City College of Imus Community Outreach Program

### SPORTS
| Page 8
* 1st AJ Cup Inter-Cluster Volleyball Tournament Finals

## NUTRI FAIR AT ZUMBA MARATHON

Sinimulan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang selebrasyon sa pagdalo sa Nutri Fair noong Hulyo 18 sa Imus City Plaza.

Itinampok dito ang cooking demo ng masusustansyang putahe at libreng food tasting, libreng taho, at mga palaro.
Personal ding ipinamahagi ni Mayor AA ang mga goodie bag na naglalaman ng masusustansyang pagkain.

Sa parehong araw ay idinaos ang Zumba Marathon para mahikayat pa ang mga Imuseño na gawing regular ang pag-eehersisyo para sa kanilang kalusugan.



## "GULAY SA PASO" URBAN GARDENING SEMINAR

Pinangasiwaan naman ng CASO, kaagapay ang tanggapan ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, ang "Gulay sa Paso" Urban Gardening Seminar noong Hulyo 21 sa The District Imus Training Hall.

Sa pamamagitan nito, naibahagi sa 59 na barangay nutrition scholars (BNS) ang iba't ibang paraan ng pagtatanim ng gulay sa paso. Kabilang sa mga itinuro ay ang paggawa ng organikong pataba at ang makabagong paraan ng pagtatanim nang hindi gumagamit ng lupa sa tulong ng SNAP Hydroponics.

Nakatanggap din ang mga BNS ng binhi ng mga gulay upang mas makatulong sa kanilang pagsisimula sa pagtatanim.

Isa ang urban gardening seminar sa mga programang ibinababa ng CASO upang mahikayat ang publiko na magtanim ng gulay sa kani-kanilang mga bahay.

## NUTRITION FORUM

Nagtapos ang selebrasyon ng Buwan ng Nutrisyon sa pagdaos ng Nutrition Forum noong Hulyo 28 sa The District Imus Training Hall.

Tinalakay rito ni Nutrition Officer Junie Mar Cariño ng Bacoor City Social Welfare and Development Office sa 75 BNS ang kahalagahan ng Pinggang Pinoy para sa sapat na nutrisyong nakukuha ng mga Imuseño, bata man o matanda.

Inirerekomenda ng National Nutrition Council na ang bawat pinggan ay dapat naglalaman ng 33% kanin, 33% gulay, 17% ng karne, at 17% ng prutas kasama na ang isang baso ng tubig.




# Kauna-unahang AAngat Livelihood Training Center at bagong Bahay Bulilit sa Imus, binuksan na sa publiko

ALAPAN I-A, Imus — Sabay na pinasinayaan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, sa pangunguna ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, ang kauna-unahang AAngat Livelihood Training Center at ang bagong Ronald McDonald Bahay Bulilit Learning Center nitong Hulyo 31, 2023 kasama ang mga kinatawan ng McDonald's Philippines.

Inilahad ni Mayor AA na kaakibat ng pagtatayo ng bagong Bahay Bulilit ang pag-usbong ng ideya ng isang livelihood training center na malapit sa learning center. Ito ay upang magkaroon ng produktibong libangan ang mga magulang sa pamamagitan ng pagkatuto habang hinihintay ang kanilang mga anak.

"Ito po 'yung pangarap natin na dapat talaga magkaroon ng katuwang ang [gobyerno] sa pangunguna po ng McDonald's. Pinangarap natin na 'yung ating mga bata kapag hinahatid natin sa [eskwelahan] ay 'yung magulang ay pupuwedeng matuto," ani Mayor AA.

Isinagawa ang pagbabasbas, ribbon-cutting, unveiling ng building markers, at key turnover ng parehong gusali, kung saan mapupunta ang pangangalaga sa City Social Welfare and Development Office, City College of Imus, Local Council for Women, at sa Sangguniang Barangay ng Alapan I-A.

Ipinasilip din ng Pamahalaang Lungsod ang ilan sa mga kakayahang maaaring matutunan ng mga magulang gaya ng pananahi, pag-bake ng crinkles at cookies, paggawa ng dishwashing liquid, at paglikha ng beaded jewelry.

Matatandaan namang idinaos ang groundbreaking ceremony ng ikalawang Bahay Bulilit sa Imus noong Mayo 5, 2023. Isa ito sa mga programa ng Ronald McDonald House Charities of the Philippines, Inc. na layong makatulong sa pagkatuto ng mga batang kabilang sa low-income families.

"Siguro, darating 'yung araw, at naniniwala akong mangyayari ito, dito lalabas sa Alapan I-A ang isang magiging mayamang negosyanteng natutong mag-develop ng kaniyang iskil sa ating livelihood training center," saad ni Mayor AA sa pagtatapos ng kaniyang talumpati.

# *First in Cavite: Human-induced Disaster Exercise isinagawa ng Imus CDRRMO*

IMUS City Plaza — Isinagawa ng Imus City Disaster Risk Reduction and Management Office (CDRRMO) ang kauna-unahang human-induced disaster exercise noong Hulyo 17, 2023 bilang pakikiisa sa National Disaster Resilience Month (NDRM) ngayong Hulyo.

Pinatunayan ng tanggapan ang kabihasaan at propesyonalismo sa pagtugon sa mga insidente nang bigyang-lunas ang sugatang hostage taker.

Ayon sa CDRRMO, nais nilang ipaalam sa publiko na walang pinipili ang pagsagip ng buhay dahil mahalaga ang buhay ng bawat isa.

Nagtagal ang simulasyon ng isang oras, kung saan dalawang tao ang sugatan kabilang na ang hostage taker.
Bahagi rin ng kauna-unahang disaster exercise ang Special Weapons and Tactics Philippines, Philippine National Police, at Bureau of Fire Protection.

Sa patuloy na pagdiriwang sa NDRM, nagsagawa ang tanggapan ng First Aid and Basic Life Support Training for the Public noong Hulyo 18 sa Wellness Center. Dito, natutunan ng 33 kalahok ang tamang paraan ng pagbibigay ng paunang lunas, pagsasagwa ng cardiopulmonary resuscitation (CPR), at pagbibigay ng first aid sa taong nabubulunan.

Idinaos din nitong Hulyo 21 sa Imus City Government Center ang Information, Education, and Communication Campaign for Barangays on Hydrometeorological Hazard, kung saan ibinahagi sa 105 opisyal ng mga barangay ang iba't ibang paraan upang mapaghandaan ang mga sakuna na maaaring tumama sa Imus.

Nakasama rito ang Cavite Industrial Area Flood Risk Management Project, Japan International Cooperation Agency Philippines, Department of Science and Technology (DOST) – Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA), Flood Control Management Cluster ng Department of Public Works and Highways (DPWH), at ang Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite.

Nagtapos ang NDRM sa pagsasagawa ng "Dugong Alay Ko, Dugtong ng Buhay Mo" bloodletting activity nitong Hulyo 30 sa Robinsons Imus, katuwang ang National Kidney Transplant Institute.

Sa kabuuan, (bilang) ng mga Imuseño ang nag-alay ng kanilang dugo para sa mga taong nangangailangan nito.
Ang NDRM ay taunang idinaraos tuwing Hulyo batay sa Ehekutibong Kautusan Blg. 29 taong 2017.









# 17 RESCUE BOATS, IPINAMAHAGI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG IMUS

IMUS, Cavite — Pinaigting ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang paghahanda mula sa tumitinding pagbaha sa ilang mga barangay sa paghatid nito ng 17 bagong rescue boats nitong Hulyo 27, 2023.

Ipinamahagi ng lokal na pamahalaan ang 11 bangka sa 11 flood-prone barangays habang nasa pangangalaga ng Imus City Disaster Risk Reduction and Management Office ang animna bangka.

Kinabibilangan ito ng 10 hard plastic boat na kayang magsakay ng hanggang apat na katao, limang hard plastic boat na may kapasidad hanggang 12 katao, at dalawang rubber boat na kayang maglulan ng walong katao.

Tinanggap ang hard plastic boats ng mga barangay ng Pag-asa III, Medicion II-A hanggang II-F, Buhay na Tubig, at Toclong I-C, II-A, at II-B.

Ipinahayag din ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang hangaring mas mapapabilis nito ang pagresponde sa mga Imuseñong maaaring maapektuhan ng matinding pagbaha.

## 2 barangay multipurpose halls ng Imus, pinasinayaan



IMUS, Cavite — Sa pagtutulungan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus at ng tanggapan ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, pormal nang binuksan ang barangay multipurpose halls ng Toclong I-C at Alapan I-C nitong Hulyo 28, 2023.

Sa mensahe ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, inihabilin niya ang maayos at tamang paggamit ng mga bagong barangay hall para sa paglilingkod sa kanilang mga nasasakupan.

Binigyang-diin din ng alkalde na ang mga sunod-sunod na proyektong imprastraktura sa Imus ay produkto ng pagkakaisa ng mga lider nito.

Bahagi rin ng naturang inagurasyon ang mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod at ang mga punong barangay na sina Kapitan Rene Escobar at Kapitan Ronaldo Marcial.




## Mayor AA, binisita ang Imus Public Market

IMUS, Cavite — Ininspeksyon ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang itinatayong bagong gusali sa Imus Public Market noong Hulyo 11, 2023.

Kasama si Economic Enterprise and Management Office Head Nestor Camantigue, sinuri ni Mayor AA ang plano at ang kasalukuyang lagay ng proyekto.

Isa ito sa mga hakbang ng Pamahalaang Lungsod ng Imus para sa pagpapaganda ng naturang pampublikong pamilihan.







## *Ikalawang batch ng Career Forward Training ng TaskUs at Imus, nagtapos na*

IMUS, Cavite — Tagumpay na nagtapos ang ikalawang batch ng trainees sa Career Forward Training ng TaskUs at ng Pamahalaang Lungsod ng Imus noong Hulyo 13, 2023.

Pinangunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang pagbibigay ng sertipikasyon sa 16 na trainees na dumaan sa Business Process Outsourcing (BPO) Training.

Natutunan ng mga trainee ang fundamental skills in outsourcing na kinabibilangan ng language assessment, communication skills training, customer handling, at employee wellness.

Tuloy-tuloy ang pagsasagawa ng BPO training sa lungsod upang marami pa sa mga Imuseño ang matulungang makapagtrabaho sa sektor ng BPO.



## *City College of Imus, nagsagawa ng malawakang Community Outreach*

IMUS, Cavite — Sa pangunguna ng City College of Imus (CCI) – Tech-Voc, isinagawa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang malawakang Community Outreach program sa iba't ibang barangay sa Imus mula Hulyo 19–28, 2023.

Tinatayang humigit-kumulang 350 residente, inmates, at out-of-school youth ang naabot ng nasabing programa. Naibahagi sa kanila ang iba't ibang kaalaman sa tulong na rin ng mga mag-aaral ng CCI.

Una nang hinatiran ng libreng gupit at tinuruan ng pagluluto ng masasarap na putahe ang mga inmate sa Imus City Jail. Ibinahagi naman sa out-of-school youth ang mga paraan ng pagtimpla ng masarap na kape sa Youth Center Building.

Nagsagawa rin ang tanggapan ng dalawang araw na training ukol sa paggawa ng garbage cage para sa mga residente ng Brgy. Anabu II-F, at dalawang araw na training ukol sa paghihinang para sa mga residente ng Brgy. Carsadang Bago I.

Binisita rin nito ang Brgy. Alapan I-B at itinuro ang wastong paraan ng pagmamanikyur at paghihilot.
Isang paraan naman ng pagbuburda ng telang nauunat (smocking) ang ibinahagi ng tanggapan sa mga residente ng Brgy. Buhay na Tubig.

Kabilang din sa mga pinuntahan ng CCI ang mga Brgy. Medicion II-D, kung saan ibinahagi ang pag-bake ng malinamnam na cookies, at Brgy. Poblacion I-A para sa paglikha ng mahalimuyak na pabango.

Ang CCI ay ang kauna-unahang paaralang pangkolehiyo na itinatag ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa tulong ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula. Hatid nito ang mga libreng kurso at training para sa kasanayan ng mga Imuseño.









# *Cluster 5 at 9, kampeon sa 1st Cong. AJ Cup Inter-cluster Volleyball Tournament*

IMUS Sports Complex — Wagi ang Cluster 5 at Cluster 9 na makuha ang kampeonato sa First Cong. AJ Cup Inter-cluster Volleyball Tournament nitong Hulyo 22, 2023.

Nakamit ng Cluster 9 ang kampeonato sa women's division matapos ang tatlong sunod-sunod na panalo sa kanilang laban kontra Cluster 6 sa puntos na 25-23, 25-22, at 25-17.

Siniguro naman ng Cluster 5 na wala silang talo sa buong takbo ng men's division bago hiranging kampeon sa kanilang huling laban kontra Cluster 4. Nagtapos ang laban sa puntos na 25-18, 25-22, 24-25, at 25-20.

Naging mainit naman ang harapan ng Cluster 3 at Cluster 2 sa men's division para sa ikatlong puwesto nang umabot hanggang ika-limang set ang kanilang laban, kung saan nanaig ang lakas ng Cluster 3.

Samantala, wagi ang Cluster 1 Women's Team na makuha ang ikatlong puwesto matapos harapin ang Cluster 8.
Para sa individual mythical awarding, humakot ng mga pagkilala si David Honra ng Cluster 5 bilang Season Most Valuable Player (MVP), Finals MVP, at Best First Outside Hitter.

Nakatanggap din si Krishna Ornos ng Cluster 9 ng mga parangal bilang Finals MVP at Best First Outside Hitter.
Kinilala rin si Bea Zamudio ng Cluster 1 bilang Season MVP.

Kabilang din sa mga parangal na ibinigay ay ang Best Libero na sina Abby Bernabe at Nikirich Inting, ang Best Setter na sina Nicole Flores at Marron Alfiler, at ang Best Middle Blocker na sina Lovely Zapf at Patick Musni.
Ginawaran naman sina Joan Calpes at Ivan Dela Cruz bilang Best Opposite Hitter at sina Erica Bodonal at Dhen Bataller bilang Best Second Outside Hitter.

Nag-uwi ang mga kampeon ng tropeo at tig-P300,000.

Nakatanggap naman ng P70,000 at P50,000 ang bawat koponan na nasa ikalawa at ikatlong puwesto, habang ginawaran ng tig-P10,000 ang 12 koponan na lumahok din sa naturang paligsahan.

Ang First Cong. AJ Cup Inter-cluster Volleyball Tournament ay handog ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula kaagapay si City Mayor Alex "AA" L Advincula para sa mga kabataang Imuseño.

Layunin nito na mailayo ang mga kabataan mula sa mga bisyo, at malinang ang kanilang galing at kakayahang tumanggap ng pagkatalo sa pamamagitan ng mga paligsahan gaya ng volleyball.

Ikalawa ito sa mga serye ng larong bahagi ng First Cong. AJ Cup Inter-cluster Tournament katuwang ang Imus City Sports Development Unit.

## EDITORIAL BOARD

**Editor-in-Chief:**
Ervin Ace H. Navarette

**Managing Editor**
Nikki Elline C. Barco

**Head Writer:**
Francesca Mandac

**Art Director:**
Elai Lardizabal
Ron Diaz

**Photo Credits:**
City Information Office
City Tourism and Heritage Office

IMUS CIO
CITY INFORMATION OFFICE
2nd floor, Imus City Government Center,
Imus Boulevard, Malagasang I-G,
City of Imus, Cavite